

Ang Natatanging Birtud na Walang Kamatayan

ni: Romelynn D. Funclara



Romelynn D. Funclara is an esteemed educator, researcher, and Assistant Professor at Pangasinan State University (PSU) - Urdaneta City Campus, where she has been a cornerstone of academic excellence since 2007. Throughout her distinguished career, she has held key leadership roles, including GenEd Chair, Cultural Coordinator, and PRPIO Coordinator.

As a champion for student success and teacher development, Prof. Funclara serves as a Teaching Intern Supervisor and a trusted research advisor, critique reader, and panelist for both undergraduate and graduate studies. Her expertise is highly sought after as an evaluator for Instructional Materials (IMs) and lesson exemplars, and as a judge for various academic and performing arts competitions.

She holds a Master of Arts in Education (MAEd) in Filipino from PSU and is currently in the dissertation stage of her Doctor of Philosophy (PhD) in Filipino at Benguet State University.

Sa mabilis na pag-ikot ng mundo, tila lahat ng bagay ay may takdang panahon. Ang mga bulaklak na sumisibol sa umaga ay nalalanta pagdating ng gabi. Ang mga gusaling itinayo nang may karangyaan ay unti-unting pinagtitikan ng lumot at alikabok. Maging ang pinakamainit na teknolohiya at uso ay madaling napapalitan ng mas bago, mas makintab, at mas mabilis. Sa ilalim ng ganitong sistema, madaling isipin na ang lahat ng bagay sa daigdig ay pansamantala lamang—isang mabilis na pagdaan ng hangin na walang permanenteng bakas.

Ngunit sa kabila ng karupukan ng ating pisikal na daigdig, may isang puwersang nananatiling matatag, walang tinag, at hindi kayang lamunin ng panahon: ang walang hanggang pagmamahal.

Ang tunay na pagmamahal ay hindi isang emosyon na dumarating at umaalis tulad ng panahon. Ito ay isang desisyon. Ito ay ang pagpili na manatili kapag ang lahat ay nag-aalisan na; ang pagpili na umunawa kapag ang mundo ay puno ng ingay at paghuhusga. Nakikita natin ang anino ng walang hanggang pagmamahal na ito sa iba't ibang mukha ng ating buhay.

Ito ang pag-ibig ng isang ina o ama na kahit sa huling hininga ng kanyang buhay, o sa paglabas ng mga kulubot sa kanyang balat at paglabo ng kanyang paningin, ay walang ibang hinangad kundi ang kaligtasan at kaligayahan ng kanyang anak. Ito ay ang pag-ibig na walang hinihintay na kapalit, walang kuwentador, at walang limitasyon. Kahit pa lumipas ang mga taon at tumanda ang kanilang mga supling, nananatiling kanlungan ng walang kapantay na kalinga ang kanilang mga bisig.

Ito rin ay ang pag-ibig ng dalawang *magkasintahan* o *mag-asawa* na hindi lamang sumumpa sa harap ng dambana, kundi napatunayan ito sa gitna ng mga unos. Kapag ang tamis ng kabataan ay napalitan na ng mga dusa ng buhay, kapag ang pisikal na ganda ay unti-unti nang binura ng katandaan, ang kanilang pagmamahalan ang nagsisilbing natatanging lakas. Sa kanilang paghawak-kamay sa dapit-hapon ng kanilang buhay, ipinapakita nila na ang puso ay hindi tumatanda; lalo lamang itong lumalalim.

Higit sa lahat, ang walang hanggang pagmamahal ay isang *birtud ng pagpapakasakit at pagpapatawad*. Ito ang nagpapahintulot sa atin na magpatuloy kahit masakit, na magbukas muli ng pinto kahit paulit-ulit nang nasugatan, at mag-alay ng sarili para sa kapakanan ng iba. Ito ang tulay na

nag-uugnay sa ating nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Kung walang pagmamahal na walang hanggan, ang ating pag-iral ay magiging isang serye lamang ng mga walang kabuluhang araw.

Sa huli, ang walang hanggang pagmamahal ay ang pinakamagandang sining na kayang likhain ng tao. Ang magsisislbi nating pamana sa mundong ito. Kapag tayo ay wala na, kapag ang ating mga pangalan ay nakasulat na lamang sa malamig na bato, ang pag-ibig na ating ibinahagi at ipinaramdam ang siyang mananatiling buhay sa puso ng mga taong ating naiwan. Dahil sa dulo ng lahat, ang tanging bagay na hindi kayang burahin ng kamatayan at panahon ay ***ang pagmamahal na ating inialay nang walang pasubali at walang katapusan.***